Brother Alois 2018
**Inexhaustible Joy**
**Di-nauubos na Kagalakan**

Isang babaeng may malubhang karamdaman ang nagsabi sa akin noong nakaraang taon, “Mahal ko ang buhay.” Ako ay lubhang nadala sa malalim na kaligayahang pumupuno sa kanya sa kabila ng limitasyon ng kanyang karamdaman. Ako ay naantig hindi lamang sa kanyang mga salita, kundi pati na rin sa kagandahang ipinamamalas ng kanyang mukha.

Ano naman ang ating masasabi sa kagalakan ng mga kabataan? Kamakailan ay nakita ko ang ilang mga bata sa Aprika, na sa kabila ng kanilang pananatili sa *refugee camps*, na kung saan matatagpuan ang iba’t ibang nakahahabag na kwento ng trahedya, ay kinakikitaan pa rin ng nag-uumapaw na buhay. Ang kanilang sigla ay nakapagpapabago ng mga nasirang búhay tungo sa isang mundong puno ng pangako. Kung alam lamang nila kung gaano sila nakatutulong upang tayo ay manatiling punó ng pag-asa! Ang kanilang kaligayahan sa pagiging buháy ay isang sinag ng liwanag.

Nais nating maliwanagan mula sa mga halimbawang ito sa ating pagsasagawa, sa kabuuan ng taong 2018, ng isang pagninilay sa salitang GALAK *(joy)*, isa sa mga tatlong katotohanan – kabilang ang *kapayakan (simplicity)* at *awa (mercy)* – na siyang itinakda ni Brother Roger sa puso at búhay ng ating pamayanan ng Taizé.

---

Kasama ng aking kapatid sa pananampalataya, kami ay nagtungo sa Juba at Rumbek, sa TIMOG SUDAN, at pagkatapos ay sa Khartoum, na kabisera ng SUDAN, upang mas maunawaan ang kalagayan ng dalawang bansang ito at upang manalangin kasama ng mga kababaiha’t kalalakihan na kabilang sa mga pinaka-nagdadalamhati sa ating panahon.

Dinalaw namin ang iba't ibang simbahan at nakita ang kanilang gawain ng pagtuturo, ng pagkakaisa, ng pag-aalaga sa mga may karamdaman at mga tinanggihan. Kami ay malugod na tinanggap sa isang kampo na para sa mga taong nawalan ng tirahan, kung saan doon nananatili ang maraming batang nahiwalay sa kanilang mga magulang noong kasagsagan ng trahedya.

Lubos ang aking paghanga sa mga kababaihan. Ang mga ina, na kadalasan ay nasa batang gulang, ay pinapasan ang malaking bahagi ng pagdurusa na dulot ng karahasan. Marami ang kinailangan na magmadaling lumikas sa kanilang tahanan. Gayon pa man ay nananatili sila sa paglilingkod para sa búhay. Ang kanilang tapang at ang kanilang pag-asa ay tunay ngang katangi-tangi.

Ang pagdalaw na iyon ay higit na naglapit sa amin sa mga batang *refugee* o mga batang walang tahanan mula sa Sudan, na patuloy naming tinatanggap sa Taizé sa nakalipas na dalawang taon.

Bago ito, nagpunta ako kasama ng aking dalawang kapatid sa pananampalataya sa Ehipto para sa limang araw na pagtitipon ng mga kabataang nasa gulang na ginanap sa pamayanan ng Anafora. Ang nasabing pagtitipon ay itinatag noong taong 1999 ng isang obispo ng Coptic Orthodox. Ginuguol namin ang panahon sa pananalangin, pagkilala sa isa’t isa, at pagtuklas sa mahaba at mayamang tradisyon ng Simbahang Ehipsyo. Isandaang kabataang nasa gulang ang nagmula sa Europa, Hilagang Amerika, Ethiopia, Lebanon, Algeria at Iraq; sila ay masayang tinanggap ng ilang daang kabataang *Copts* o mas kilala bilang Ehipsyanong Kristiyano mula Cairo, Alexandria at sa itaas na bahagi ng Ehipto.

Napukaw ang aming pansin lalo na sa pamana ng mga martir ng *Coptic Church* pati na rin sa banal na pinagmulan nito, na patuloy na nananawagan sa pagkakaroon ng isang payak na búhay. Ako at ang aking mga kapatid sa pananampalataya ay mainit na tinanggap ni Papa Tawadros II, ang pinuno ng Coptic Orthodox Church.

---

Sa aming pagbalik mula sa Aprika, nasabi namin sa aming mga sarili: ang mga tao ay naglalaan ng kakaunting pansin sa tinig ng mga may matitinding pagsubok – malayo man sila sa atin o malapit. Para bang ang kanilang hinagpis ay nawawalan ng saysay. Ang pakinggan sila sa pamamagitan lamang ng *media* ay hindi sapat. Papaano natin ito matutugunan sa ating búhay?

Ang mga sumusunod na mungkahi, para sa taong 2018, ay humugot ng bahagi ng inspirasyon mula sa katanungang ito.

Frère Alois

# Apat na mungkahi para sa taong 2018

---

**Unang mungkahi: Dumukal ng mas malalim sa bukal ng kagalakan**

*Ito ang sinabi ng Panginoon: "sa simula pa'y inibig ko na sila kaya patuloy akong magiging tapat sa kanila." (Jeremias 31:3)*

*Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, at ang kanyang kapangyarihan ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. Siya ay magagalak sa iyo at ang pag-ibig niya ang magbibigay sa iyo ng bagong buhay. Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan. (Zefanias 3:17)*

*Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak kayo! (Filipos 4:4)*

Bakit kaya tuwing Sabado ng gabi, ang simbahan ng Taizé, na nililiwanagan ng mga maliliit na kandilang hawak ng lahat sa kanilang kamay, ay nagdudulot ng masayang simoy? Ito ay dahil ang pagkabúhay na mag-uli ni Kristo ay tulad ng ilaw sa pusó ng pananampalatayang Kristiyano. Ito ay isang mahiwagang pinagmumulan ng kagalakan hindi kailanman lubos na mauunawaan ng ating isipan. Sa pag-inom mula sa bukal na ito, ay maaari nating "taglayin ang kagalakan sa ating kalooban dahil alam natin na sa huli, ang pagkabúhay na muli ang siyang may huling salita" (Olivier Clement, isang teologong Orthodox).

Ang kagalakan ay hindi isang simpleng pakiramdam lamang, o di kaya'y isang makasariling kaligayahan na nakapaghihiwalay sa atin mula sa iba, ngunit isang payapang katiyakan na ang búhay ay may kahulugan.

Ang kagalakan ng Ebanghelyo ay nagmumula sa pagtitiwala na tayo ay minamahal ng Diyos. Malayo sa pagiging isang antas ng kadakilaan na nagbubunsod sa atin na tumakas mula sa mga hamon ng ating panahon, ginagawa nito na higit nating maramdaman ang pagdurusa ng iba.

- Hanapin natin ang ating kagalakan una sa lahat sa katiyakan na tayo ay kaanib ng Diyos. Ang isang panalangin na iniwan ng isang saksi kay Kristo mula sa ikalabinlimang siglo ay makatutulong sa atin: "Panginoon ko at aking Diyos, alisin mo sa akin ang lahat na naglalayo sa akin mula sa iyo. Aking Panginoon at aking Diyos, ibigay mo sa akin ang lahat na nagdadala sa akin palapit sa iyo. Panginoon ko at Diyos ko, kunin mo ako sa aking sarili at ibigay ito ng lubos sa iyo" (San Nicolas ng Flue).

- Ang ating kagalakan ay napupuspos sa tuwing tayo ay nananalangin nang sama-sama sa pag-awit. "Umawit kay Kristo hanggang sa ikaw ay lumigaya at pumayapa," mungkahi ni Brother Roger. Ang pag-awit kasama ng iba ay lumilikha ng parehong personal na ugnayan sa Diyos at pakikipag-isa kasama ng mga nagkakatipon. Ang kagandahan ng lugar-dalanginan, ng liturhiya, at ng mga awit ay tanda ng muling pagkabúhay. Ang pananalangin ng sama-sama ay maaaring pumukaw sa tinatawag ng mga Kristiyano ng Silangan na "kagalakan ng langit sa lupa".

- Maaari rin nating matuklasan ang larawan pagmamahal ng Diyos sa kagalakan ng tao na nagigising sa atin sa pamamagitan ng mga tula, musika, malikhaing kayamanan, kagandahan ng mga lalang ng Diyos, ang lalim ng isang pag-ibig, ng pagkakaibigan….

---

**Ikalawang mungkahi: Pakinggan ang hapis ng mga pinakamahina**

*"Dinggin mo, O Yahweh, ang aking dalangin, lingapin mo ako sa aking pagdaing.  O huwag ka sanang magkubli sa akin, lalo sa panahong may dusa't bigatin." (Awit 102:1-2)*

*"Nang oras ding iyon, si Jesus ay napuspos ng kagalakan ng Espiritu Santo. Sinabi niya, "Salamat sa iyo, Ama, Panginoon ng langit at lupa, sapagkat inilihim mo sa marurunong at sa mga matatalino ang mga bagay na ito, ngunit inihayag mo sa mga taong ang kalooban ay tulad ng sa bata. Oo, Ama, sapagkat ganoon ang nais mong mangyari." (Lucas 10:21)*

*"Palaging maging bukás ang inyong pinto sa mga taga-ibang bayan. Lingid sa kanilang kaalaman, may ilang nakapagpatuloy na ng mga anghel.  Alalahanin ninyo ang mga nakabilanggo, na parang kayo'y nakabilanggo*

*ring kasama nila. Damayan din ninyo ang mga pinagmamalupitan, na parang kayo'y dumaranas din ng ganoon." (Mga Hebreo 13:2-3)*

Bakit napakaraming tao ang sumasailalim sa napakaraming mga pagsubok – pagkakanya-kanya, karahasan, kagutuman, pagkakasakit, kalamidad – ngunit ang kanilang mga tinig ay halos hindi napakikinggan? Kailangan nila ng tulong – ng tirahan, pagkain, edukasyon, hanapbuhay, at pangangalagang medikal – ngunit sadyang mahalaga rin para sa kanila ang pagkakaibigan. Ang pagtanggap ng tulong ay maaaring nakakahiya. Ang ugnayan ng pagkakaibigan ay nakaaantig sa mga puso, puso ng mga nangangailangan pati na rin sa mga nagpapakita ng pagkakaisa.

Ang pakikinig sa hapis ng isang taong nasugatan, pagtitig sa kanilang mga mata, pakikinig o paghipo sa mga nagdurusa, matatanda, maysakit, bilanggo, walang tahanan, o isang dayuhan…. Ang personal na pagtatagpong ito ay nagtutulot sa atin na matuklasan ang kanilang dangal at nagbibigay-daan na tayo ay may matanggap mula sa kanila, sapagkat kahit na ang pinakasalat ay mayroong maihahandog.

Hindi ba't ang mga taong mahihina ay nakagagawa ng 'di mapapalitang ambag para sa pagbuo ng isang lipunang may kapatiran? Ibinubunyag nila ang ating sariling kahinaan, at sa ganitong paraan, ito'y nakatutulong sa atin upang maging mas makatao.

- Hindi natin dapat kalimutan na, sa Kanyang pagiging tao, si Hesukristo ay nagiging kaisa ng bawat tao. Siya ay naroroon sa bawat tao, lalo na sa mga lubos na pinababayaan (tignan Mateo 25:40). Tuwing tayo ay pumupunta patungo sa mga nasugatan ng búhay, tayo ay mas napapalapit kay Hesus, dukha sa mga dukha; sila ang nagdadala sa atin tungo sa higit na malalim na ugnayan sa Kanya. "Huwag matakot na makibahagi sa mga pagsubok ng iba, huwag matakot sa pagdurusa; sapagkat kadalasan, sa ating kaibuturan, ang ganap na kagalakan ay naibibigay sa atin sa pakikipag-isa kay Hesukristo" (Tuntunin ng Taizé).

- Sa pamamagitan ng mga personal na pakikipag-ugnayan ay pinangungunahan tayo upang makahanap ng mga paraan ng pagtulong sa mga dukha, hindi umaasa sa anumang bagay bilang kapalit, ngunit gayunman ay nakikinig upang makatanggap mula sa kanila ng anumang nais nilang ibahagi sa atin. Sa ganitong paraan ay mas lumalawak at mas nagiging bukas ang ating mga puso.

- Ang ating daigdig ay sugatan din. Mas lumalalim ang mga sugat nito dahil sa masamang paggamit dito ng mga tao. Kinakailangan nating makinig sa hinagpis ng ating mundo. Kailangan natin itong pangalagaan. Dapat tayong maghangad, lalo na sa pagbabago ng ating paraan ng pamumuhay, upang makibaka laban sa progresibong pagkawasak nito.

---

**Ikatlong mungkahi: Ibahagi ang mga pagsubok at kagalakan**

*"Makigalak kayo sa mga nagagalak, at makitangis sa mga tumatangis." (Mga Taga-Roma 12:15)*

*"Mapalad ang mga nagdadalamhati, sapagkat aaliwin sila ng Diyos." (Mateo 5:4)*

*"huwag kayong malungkot. Ang kagalakang dulot ni ng Panginoon ang magpapalakas sa inyo." (Nehemias 8:10)*

Matapos ang kanyang muling pagkabúhay, tangan pa rin ni Hesus ang mga marka ng kanyang pagkapako sa krus (tignan Juan 20:24-29). Ang pagkabúhay na muli ay sumasaklaw sa paghihirap ng krus. Para sa atin na sumusunod sa kanyang mga yapak, ang kagalakan at pagsubok ay maaaring pagsamahin; sila ay nagkakapisan at nagiging habag.

Ang panloob na kagalakan ay hindi nagpapahina ng pagkakaisa sa ating kapwa, bagkus ay pinagyayaman ito. Ito ay nag-uudyok sa atin na tawirin ang hangganan upang samahan ang mga nahihirapan. Pinananatili nitong buháy ang ating pagtitiyaga upang mas maging tapat sa pagbibigay ng ating búhay.

Sa mga taong nasa mas nakaaangat na antas, kung saan sila ay mainam na pinakakain, may pinag-aralan, at inaalagaan nang mahusay, ang kagalakan kung minsan ay salat, na para bang ang ilan sa kanila ay napagod at nasiraan ng loob mula sa pagiging karaniwan ng kanilang buhay.

Kung minsan, sa kabalintunaan, ang pakikipagtagpo sa isang taong nagdarahop ay nakapagpapahayag ng kagalakan, marahil ay isang maliit na kislap na kagalakan, ngunit gayunpaman ay isang tunay na kagalakan.

- Kinakailangan natin na palaging ibalik ang ating paghahangad para sa kagalakan na malalim na nakaugat sa atin. Tayo ay nilikha para sa kagalakan, hindi para sa kalungkutan. At ang kagalakan ay hindi itinatago lamang sa sarili, kundi ibinabahagi, upang magliwanag patungo sa iba. Matapos niyang matanggap ang mensahe ng anghel, nagtungo si Maria upang dalawin ang kanyang pinsang si Elisabeth at umawit kasama niya (Lucas 1:39-56).

- Katulad ni Hesus, na tumangis sa pagpanaw ng kanyang kaibigang si Lazaro (Juan 11:35), tayo'y maglakas-loob na manangis din sa harap ng pagdurusa ng tao. Taglayin natin sa ating mga puso ang mga nagdadalamhati. Sa pamamagitan ng pagpapaubaya sa kanila sa mga kamay ng Diyos, hindi natin sila iniiwan sa bagsik ng isang bulag at walang awang kapalaran; ipinagkakatiwala natin sila sa mahabaging Diyos, na nagmamahal sa bawat tao.

- Ang pananatili sa tabi ng mga nagdurusa, at pakikidalamhati kasama nila, ay makapagbibigay sa atin ng tapang sa isang aktibong pakikisangkot, upang tuligsain ang kawalang-katarungan, tanggihan kung ano ang nagbabanta o sumisira sa buhay o subukan na baguhin ang hindi pagkakasundo.

---

**Ikaapat na mungkahi: Sa mga Kristiyano, magalak sa biyaya ng iba**

*Ipinaunawa sa atin ng Diyos ang hiwaga ng kanyang kalooban na isasakatuparan sa pamamagitan ni Cristo pagdating ng takdang panahon. Layunin niyang tipunin ang lahat ng nilikha sa langit at sa lupa, at ipasailalim ang mga ito kay Cristo. (Mga Taga-Efeso 1:9-10)*

*Napakaligaya at kahanga-hanga sa ating pangmasid, ang nagkakaisa't laging sama-sama na magkakapatid! (Mga Awit 133:1)*

Ipinadala ng Diyos si Kristo sa mundo upang tipunin bilang isa ang buong sansinukob, lahat ng nilikha, at ibalik ang lahat ng bagay sa kanya. Ipinadala siya ng Diyos upang pagbuklurin ang sangkatauhan bilang isang pamilya: mga kalalakihan at kababaihan, mga bata at mga matatanda, mga tao mula sa lahat ng pinagmulan, wika at kultura, at maging mga naglalabanang bansa.

Maraming tao ang nagnanais na magkaisa ang mga Kristiyano upang hindi nila ikubli, mula sa pagkakahati-hati, ang mensahe ng pangkalahatang pagkakapatiran na dinala ni Kristo. Hindi ba ang ating pagkakaisa bilang magkakapatid ay isang uri ng palatandaan, isang karanasan, ng kaisahan at kapayapaan sa mga tao?

- Bilang mga Kristiyano ng iba't ibang mga Simbahan, dapat tayong magkaroon ng tapang na magsama-sama tungo kay Kristo, na hindi naghihintay pa na tuluyang magtugma ng ating mga teolohiya, na "tayo ay maging magkakasukob sa ilalim ng iisang bubong." Pakinggan natin ang panawagan ng isang monghe ng *Coptic Orthodox* na siyang sumulat: “Ang tunay na diwa ng pananampalataya ay si Kristo, na kung saan walang sinuman ang makapagbabalangkas nito. Kinakailangan nang simulan ang ating pakikipag-usap sa pamamagitan ng pagtanggap kay Kristo, na siyang nag-iisa…. Dapat natin itong simulan sa pamamagitan ng sama-samang pagsasabuhay ng diwa ng iisang pananampalataya, nang hindi naghihintay na humantong sa kasunduan tungkol sa pagpapahayag ng nilalaman nito. Ang pinakadiwa ng pananampalataya, na si Kristo mismo, ay nakasandig sa pag-ibig, sa paghahandog ng sarili.” (Father Matta el-Makine, 1919–2006.)

- Maaari nating simulan ang prosesong ito sa pamamagitan ng pasasalamat sa Diyos para sa biyaya ng kapwa. Sa kanyang pagbisita sa Lund (Sweden) sa padiriwang ng ika-500 anibersaryo ng Repormasyon, nanalangin si Papa Francisco, “Banal na Espiritu, tulutan mo nawa kami na tanggapin nang may kagalakan ang mga biyaya na dumating sa aming Simbahan sa pamamagitan ng Repormasyon.” Sa tulong ng halimbawang ito, maging masigasig tayo na makita sa iba ang mga pagpapahalagang ipinagkaloob ng Diyos sa kanila, na maaaring kulang naman sa atin. Maaari ba nating subukang tanggapin ang kanilang kaibahan bilang pagpapaunlad sa atin, kahit na kabilang dito ang mga aspeto na nagsimula sa atin? Maaari ba nating masumpungan ang kasariwaan ng kagalakan mula sa biyaya ng iba?

Printed from: http://www.taize.fr/en_article23186.html - 15 January 2018
Copyright © 2018 - Ateliers et Presses de Taizé, Taizé Community, 71250 France